# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER
Science City of Muñoz, Nueva Ecija

ISSN 2507-8933

TOMO 4, BILANG 2
Pangalawang Isyu 2019

## MAKABULUHANG UGNAYAN



# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER

Tomo 4, Blg. 2 | 2019
Pangalawang Isyu



PATNUGUTAN

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC
**Tagapamahalang Patnugot** ROWENA GALANG-BUMANLAG
**Tagapamahala ng Isyung Ito** MA. CECILIA C. IRANG
**Layout at Ilustrasyon** CHRISSALYN L. MARCELO
**Manunulat** ROWENA GALANG-BUMANLAG, MA. CECILIA C. IRANG, CHARLENE P. CORPUZ, CHARLENE S. JOANINO, KHRIZIE EVERT MARCELO-PADRE
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** CHARLENE P. CORPUZ
**Tagapayo** ARNEL N. DEL BARRIO



Ang **Karbaw** ay isang magasin na inilalathala ng Knowledge Management Division (KMD) ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, apat na beses sa isang taon. Layon ng **Karbaw** magasin na iparating sa mga mambabasa nito ang iba't ibang kwento ukol sa mga tao, pangyayari, at iba pa na may kinalaman sa umiigting at lumalagong industriya ng kalabaw sa bansa.



Ang reproduksiyon ng alin mang artikulo mula sa pahayagang ito ay hinihimok nang may wastong pagkilala sa may akda o sa **Karbaw** magasin. Gayundin, tinatanggap ng patnugutan ang anumang komento at suhestiyon tungkol sa mga nailimbag na artikulo. Ipadala ang inyong mga kuru-kuro sa ilivestockbiotech@gmail.com.



**NATIONAL HEADQUARTERS AND GENE POOL** Science City of Muñoz, Nueva Ecija, Philippines 3120 • Fax: +63 44 456-0730 • Tel. No: +63 44 456-0731 to 34 • URL: http://www.pcc.gov.ph • E-mail: pcc-oed@mozcom.com **MANILA LIAISON OFFICE** 5th Floor DCIEC Building, NIA Complex, EDSA, Quezon City, Philippines • Telefax: +63 02 921-3863 E-mail: pcc-mlo@mozcom.com **REGIONAL CENTERS: PCC at MMSU** 09279655724, pccmmsu@gmail.com • **PCC at CSU** 09161011561, pccpiat07@yahoo.com • **PCC at DMMMSU** 09088649975, pccdmmmsu95@yahoo.com • **PCC at CLSU** +63 44 456-5238 to 39 • 09178675763, pcc.clsu@yahoo.com • **PCC at UPLB** +63 49 536-2729, pccuplb@gmail.com • **PCC at VSU** +63 053 563-7649 • 09985445219, pccvsu@gmail.com • **PCC at WVSU** 09999916115, pccwvsu@yahoo.com • **PCC at LCSF** 09478934794, pcclcsf@yahoo.com • **PCC at USF** +63 38 518-5598, pccusf.ubay@yahoo.com • **PCC at MLPC** 09101795905, pcc-mlpc09@yahoo.com • **PCC at CMU** 09399169719, pccmusuan@yahoo.com • **PCC at USM** 09193970872 • 09206219722, usm_pcc@yahoo.com


## MGA NILALAMAN


3 Positibong resulta bunga ng 4DX

4 'Main Course' para sa nutrisyong wasto, kitang husto

6 Ugnayang tungo sa pagpapaunlad-panlipunan

10 Sa paggagatasan may maginhawang buhay

12 Sa Cebu: Maliwanag na tunguhin ng Lamac koop

14 *Sa Zamboanga Del Norte* May gatas na sa Sindangan

16 'Artscream' tampok ang gatas ng kalabaw





**PALIWANAG SA PABALAT**

Ang pakikipagtulungan sa iba't ibang mga ahensiya kabilang na ang Department of Social Welfare and Development ay isa sa mga mahahalagang gawain ng Philippine Carabao Center para tuluy-tuloy na mapaunlad ang lipunan kabilang na ang sektor ng mga magsasakang maggagatas.

# POSITIBONG RESULTA BUNGA NG 4DX

NI **MA. THERESA SAWIT**

**"Ang pagpaplano ay importante nguni't ang totoong hamon ay nasa pagpapatupad nito".**

Ito ang paniniwala ng mga eksperto tulad ni dating *executive director* Dr. Libertado Cruz at ng mga kasalukuyang lider ng Philippine Carabao Center (PCC).

Kaya naman sa likod ng mga numerong hinahangad taun-taon ng ahensiya, gumawa ng direktiba ang mga nangungunang tagapamahala na magpatupad ng isang istratehiya upang masinsin na masubaybayan ang implementasyon ng mga programa.

Isa sa mga mandato ng PCC ay ang produksiyon ng kalabaw na makatutulong upang mapataas ang kalidad ng pamumuhay sa kanayunan. Ang produksiyon ng bulo na inaasahan mula sa ahensiya ay tumataas ng limang porsiyento kada taon. Upang makamit ito, ang *artificial insemination (AI)* at *bull loan* program ay patuloy na isinasagawa katuwang ang mga *AI technicians* at *bull handlers.*

Batay sa mga nakalipas na *report*, lumalabas na hindi naaabot ng ahensiya ang inaasahang produksiyon ng bulo mula sa *AI* at *bull loan program* na naging dahilan upang magbaba ng istratehiya ang mga tagapamahala tungo sa pagpapahusay ng pagsubaybay sa naipangakong *target* ang bawa't Regional Center.

Sa pag-upo ni Dr. Caro Salces bilang bagong *Deputy Executive Director* noong Hulyo 2018, ipinaliwanag niya ang tungkol sa *4 Disciplines of Execution (4DX)* na inilimbag ng FranklinCovey at unang ipinakilala noon sa mga *Center Directors* ng PCC upang magamit na isang instrumento o istratehiya sa pagsasagawa ng mga programa. Sinabi niya na marapat lamang na gamitin muli ng PCC ang 4DX para mapagtuunan ng pansin ang pagkamit ng *target.*

Batay sa 4DX, ang apat na importanteng disiplina upang makamit ang anumang hangarin ng organisasyon ay: (1) pagtuon sa pinaka-importanteng hangarin o *wildly important goal (WIG)*; (2) pagsasagawa ng pangunahing panukat sa pagkamit ng hangarin; (3) pagbuo ng *scoreboard*; at (4) pagpapanatili ng pagtanggap sa pananagutan.

Kaugnay sa paggamit ng *4DX*, napagkasunduan ng mga *Center Directors* at *program coordinators* noong nakaraang taon na ang pinaka-importanteng *WIG* ng ahensiya ay makamit ang 20,663 *target* na produksiyon ng bulo hanggang sa katapusan ng Disyembre.

Napagkasunduan din na araw-araw magpapadala ng *calf production report* ang bawa't *center* sa *Facebook messenger group chat* na pinangangasiwaan ng *Operations Team* upang makita ang *status* ng bawa't *center* sa pagkamit ng kanilang target. Bawa't *center* ay nagtalaga ng kanilang opisyal na tagapagpadala ng *daily report.*

Ang *report* ay ginagawan naman ng *Operations Team* ng *tabular* at *graphical presentation* bilang *scoreboard* at ipinapadala rin sa *group chat* upang mas maunawaan ng *centers*. Simple at mas madaling makita sa pamamagitan ng *scoreboard* kung ilan pa ang dapat habulin na maire-*report* ng *centers.*

Ayon din kay Dr. Salces, nagiging mas masigasig ang mga *centers* sa pagkamit ng kani-kanilang *targets* kapag nakikita nila ang *report* ng iba.

Maliban sa pagre*report*, ang mga nagpapatupad ng 4DX ay inaasahang magpupulong isang beses sa isang linggo upang planuhin ang mga hakbang sa kasunod na linggo. Mahalagang gawain sa lingguhang pagpupulong ang pagkilala sa kontribusyon ng bawa't isa sa tagumpay ng buong grupo.

Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng 4DX, mas napaigting ng PCC ang pagsubaybay sa *calf production* target. Umabot sa 22,303 ang nai*report* na *calf production* hanggang sa katapusan ng Disyembre nang nakaraang taon. Katumbas ito ng 107% *accomplishment* ng ahensiya na ang lundo.

Sa dulo, ang implikasyon nito ay mas matatag na pagtutulungan ng mga katuwang sa industriya katulad ng *local government units, AI technicians,* mga kooperatiba at samahan. Higit sa lahat, direkta itong makapagpapataas ng kita ng mga magsasaka at iba pang nagnenegosyong salig sa kalabaw.

Ang isang inahing kalabaw ay maaaring makapagbigay ng 1,500 kg ng gatas sa loob ng 300 na araw na nagkakahalaga ng Php90,000 dagdag na kita kung ang kasalukuyang presyo sa merkado ay Php60/*kg*. Ang lalaking bulo naman ay maaaring patabain at ipagbili para sa produksyon ng karne na ang kasalukuyang halaga ay Php97/*kg liveweight.*

Upang mas maraming matulungan, ginagamit ng PCC ang 4DX bilang instrumento upang malaman, masukat at mabantayan ang mga naaabot at hindi pa naaabot ng mahahalagang serbisyo tulad ng *AI* at *bull loan.* Iminumungkahi rin na gamitin ito sa pagsubaybay ng iba pang *target* ng ahensiya tulad ng *milk production* at *production support services.*

# 'MAIN COURSE'

## PARA SA NUTRISYONG WASTO, KITANG HUSTO

NI **CHARLENE CORPUZ**



**Sa maraming okasyon na naghahain ng iba't ibang pagkain gaya ng pampagana, pangunahing pagkain *(main course)* at panghimagas, ang bawa't isang kabahagi ng okasyon ay pipili ayon sa kanilang mga nais na marahil ay batay sa kinasasabikang pagkain, ginustong lasa at maging ang kasalukuyang nararamdaman *(mood)*. Gayunpaman, ang pangunahing pagkain na karaniwang pinakamasustansya sa bawa't *menu* ang siyang agaw-pansin para sa nakararami.**

Ang pangunahing pagkain na tinutukoy para sa pagkonsumo ng tao ay maihahalintulad o tumutugma din sa pagkain ng mga hayop, na 'di lamang kapaki-pakinabang sa nutrisyon ng mga ito kundi maging sa mga magsasaka upang magkaroon ng mas mataas na kita.

### PANGUNAHING PAGKAIN AT BENEPISYO

Pinangangasiwaan ni Dr. Daniel Aquino, *center director* ng Philippine Carabao Center sa Central Luzon State University (PCC@ CLSU), ang teknolohiyang ukol sa pagpoprodyus ng pinatubong damo at mga legumbre sa bakuran *(homegrown grasses and legumes)* na nakapagbibigay sa mga magsasakang-maggagatas ng inirerekomendang nutrisyon para sa mga lumalaking gatasang kalabaw.

Ang nabanggit na teknolohiya ay produkto ng isang proyektong pinamagatang "Development of Feeding Protocols to Support the Nutritional Requirements of Dairy Buffaloes" bilang isang bahagi ng programa ng Pananaliksik para sa Pag-unlad (R4D) na "Enhancing Milk Production of Water Buffaloes through S&T Interventions" sa pagitan ng PCC at ng Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (PCAARRD). Pinagtibay ng programang ito ang nutrisyon ng hayop bilang isang mahalagang aspeto.

"Mainam na pagmulan ng nutrisyon para sa mga kalabaw ang mga pinagbuting damo at legumbre, mas ligtas din ito kumpara sa tradisyunal na pagtatali sa hayop habang nanginginain sa pastulan *(tethering system)*, mas matipid at maginhawa para sa mga magsasaka. Maliban pa rito, tumutugon ito sa kakulangan ng pakain sa panahon ng tag-init. Isa pang inirerekomendang teknolohiyang nakatuon sa nutrisyon ng kalabaw ay ang *total-mixed ration (TMR)* na binubuo ng *water hyacinth* at *banana stalks*," paliwanag ni Charity Castillo, *Science Research Specialist II* ng PCC.

"Nakapagbibigay ang teknolohiyang pinatubong mga damo at legumbre, pati na rin ang *TMR* ng maramihang benepisyo sa gatasang kalabaw at mga magsasakang magkakalabaw," dagdag pa niya.

### PAGKAMIT NG NAPAPANATILING KABUHAYAN

Mas maayos na nutrisyon, mas mataas na kalidad ng gatas at karne, at mas mahusay na pagpaparami ng mga bulo ang ilan sa mga benepisyong naisasagawa sa pamamagitan ng wastong pagpapakain at pangangalaga sa mga kalabaw. Kaya naman, ang pagtutuon ng pansin sa inirerekomendang nutrisyon para sa mga gatasang kalabaw ay mahalaga para sa produksyon ng pagkaing pangkonsumo para sa tao, pati na rin sa pagpapatuloy ng kabuhayan ng mga magsasakang nakasandig sa pagkakalabaw.

Upang matiyak ang posibilidad ng pagpapatuloy ng kabuhayan sa pamamagitan ng nabanggit na teknolohiya, ang limitadong taniman o pastulan ng mga maliliit na magsasasaka ay 'di problema sapagka't ang pagtatanim ng mga damo at legumbre sa isang ektaryang lupa ay sasapat na sa 10-15 kalabaw sa isang buong taon.

Kumakatawan sa "main course" ang mga damo at legumbre para sa mga gatasang kalabaw habang ang mga produktong gatas naman ay tumutukoy sa mga panghimagas sa isang *menu*, na nagpapahiwatig ng masiglang kabuhayan para sa mga maggagatas.

"Ang bawa't produktong-gatas ng PCC ay mula sa iba't ibang uri ng mga damo sa pamamagitan ng kalabaw ('di sa kahit na anong makina), na kinakailangan lamang ng wastong pangangalaga," paliwanag ni Dr. Aquino.

Ipinakita ang nabanggit na teknolohiya sa "Farmers' Field Day and Technology Expo" bilang bahagi ng lingguhang selebrasyon ng anibersaryo ng PCC. Ang pagtatanghal ng mga teknolohiya rito ay naglalayon na ipakilala ang pagkakalabawan, paggagatasan at pati na rin ang mga negosyo at kabuhayang salig dito.

Nasa 400 kliyente ng PCC ang dumalo sa nabanggit na selebrasyon na binubuo ng mga magsasaka, mga katuwang at kabalikat na mga ahensya sa industriya ng paghahayupan at paggagatasan. Karamihan sa mga kalahok ay mga kooperatiba ng magsasakang inaasistehan ng PCC sa iba't ibang sangay ng rehiyon.

Sa kasagsagan ng pagdiriwang na nagpapakita ng iba't ibang teknolohiya, agaw-pansin sa marami ang mga pambihirang pagkain at produktong-gatas na may libreng tikim, nguni't karamihan sa mga magkakalabaw ay mas interesado pa rin sa teknolohiyang ukol sa nutrisyon ng alagang hayop – ang pundasyon ng magandang kalusugan ng hayop.

Gabay ng mandato nito, tinutulungan ng PCC ang mga kliyenteng magsasaka na magkaroon ng mas mataas na kita at maging negosyante sa pagkakalabaw sa pamamagitan ng karne at gatas na makukuha rito. Kung mauunawaan nang lubos ang konsepto sa likod ng produktibong paggamit sa mga kalabaw, tiyak na magbibigay daan ito sa pagpapatuloy ng kabuhayan.

Kaya naman, ang sapat na atensiyon ay kailangang agarang ibigay sa paraan pa lamang ng pagpapakain sapagka't may malaking bahagi at epekto ito sa pagkamit ng nararapat na sustansya sa pagkakaroon ng pinakamataas at mainam na produksyon ng gatas at dekalidad na karne mula sa mga inaalagang kalabaw.

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

DSWD
Department of Social Welfare and Development

# UGNAYANG TUNGO SA PAGPAPAUNLAD-PANLIPUNAN

NINA **MA. CECILIA IRANG** AT **CHARLENE JOANINO**

**Libreng pagsasanay sa mga benepisyaryo**

**Pondong pambili ng kalabaw**

**Benepisyaryo ng *4P's SLP Project***

**Pamamahagi ng kalabaw**

**Bunsod ng parehong layunin at adhikain na paunlarin ang kabuhayan ng mga magsasaka, ang PCC at Department of Social Welfare and Development (DSWD) ay nagsama at nagtulong para maisakatuparan ang hangaring ito sa pamamagitan ng kabuhayang salig sa kalabaw.**

Layunin ng nasabing programa na mapabuti ang kondisyon ng pamumuhay ng mga mahihirap na Pilipino sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga oportunidad para magkaroon sila ng mapagkakakitaan at trabaho.

Kabilang sa mga sangay ng PCC na nakikipagtulungan sa DSWD para mapaunlad ang kabuhayan ng mga magsasakang kanilang sinasakupan ay ang PCC sa Ubay Stock Farm (PCC@USF) sa Ubay, Bohol; PCC sa Mariano Marcos State University (PCC@MMSU) sa Batac City, Ilocos Norte; PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University (PCC@DMMMSU) sa Rosario, La Union; at PCC sa La Carlota Stock Farm (PCC@LCSF) sa La Granja, La Carlota City, Negros Occidental.

## PCC@USF AT DSWD

Ang PCC@USF ang una sa mga sangay ng PCC na nagkaroon ng pakikipagtulungan sa DSWD. Nagsimula noong 2015 ang pagpaplano, pag-oorganisa at pagdedebelop para sa proyektong pagkakalabaw ng mga piling benepisyaryo.

"Ang DSWD ay mayroong pondo para sa SLP at nakita nilang magandang kabuhayan ang paggagatas. Sa'tin sa PCC, alam naman natin ang proyekto natin, 'yon ay ang *dairy buffalo production* kaya nagpasimula tayo ng pakikipagtulungan. Ang pera ay manggagaling sa DSWD habang sa PCC naman ang mga teknolohiya at pagsasanay sa pagkakalabaw," ani Dr. Caro Salces, *deputy executive director* ng PCC at dating *center director* ng PCC@USF na nagsimula ng proyekto.

Nagkaloob ang DSWD-SLP ng kabuuang pondo na nagkakahalaga ng Php10 milyon (tig Php20,000 *starter kit* bawa't benepisyaryo) para pambili ng 500 babaing *native* at *crossbred* na kalabaw.

Taong 2016 nang maibahagi sa 500 magsasakang benepisyaryo ang mga nabiling kalabaw.

Ang PCC ang bumili ng mga kalabaw sa pamamagitan ng *bidding* at *supplier.* Kapag may nahahanap na kalabaw ang *supplier* ay kaagad itong sinusuri ng PCC.

Maliban sa pamimili ng mga kalabaw, ang PCC rin ang nagsasagawa ng mga kinakailangang pagsasanay gaya ng *social preparation training* at *buffalo management training* para sa mga benepisyaryo.

Ang 500 benepisyaryo ng proyekto ay mga miyembro ng *Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps)* ng DSWD mula sa limang bayan ng Bohol na tinatayang *regional impact zones* ng PCC@USF. Mayroong 156 na benepisyaryo ang nasa bayan ng Ubay, 59 sa San Miguel, 103 sa Mabini, 78 sa Alicia, at 104 sa Dagohoy. Samantala, may mga ilang miyembro rin ng *4Ps* ang dati nang benepisyaryo ng programang paiwi ng PCC@USF.

"Isang pangangailangan na kapag gumagatas na ng kalabaw, ang mga benepisyaryo ay magpamiyembro na sa Bohol Dairy Cooperative (BODACO). Doon na nila dadalhin at ibebenta ang mga gatas na nakokolekta nila," sabi ni Dr. Salces.

**Sa ilalim ng *Sustainable Livelihood Program (SLP)* ng DSWD, may nakalaang pondo para sa pamimili ng mga kalabaw na ibabahagi naman sa mga magsasaka bilang kanilang mapagkakakitaan.**

"Kapag nanganak naman 'yong kalabaw na ipinahiram, sa kanila na rin 'yon mapupunta para masuportahan talaga ang kabuhayan nila," dugtong niya.

Dagdag pa niya tuluy-tuloy ang proyekto ng PCC at *DSWD-SLP* para mapaunlad ang kabuhayan ng mas marami pang magsasaka.

Aniya, karugtong ng pagtutulungan ng dalawang ahensiya ay ang *milk feeding program* kung saan doble ang layunin nito. Una, makatutulong ang pag-inom ng gatas para sa nutrisyon ng mga bata. Pangalawa, malaking pakinabang ito sa mga magsasakang maggagatas dahil may sigurado na silang mapagbebentahan ng kanilang aning gatas.

Mula Enero, 145 sa mga kalabaw na ipinagkaloob ang napasemilyahan habang 81 naman ang kalabaw na pinabulog. Tatlumpu ang kumpirmadong buntis habang 30 rin ang gumagatas. Mula 2017, nakapagtala na ng kabuuang 7,762.45 litro ng gatas sa ilalim ng proyekto.

**SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA**

## PCC@USF AT DSWD

Php10M pondo para sa pagbili ng 500 *native* at *crossbred* na kalabaw

500 benepisyaryo mula sa bayan ng Ubay, San Miguel, Mabini, Alicia at Dagohoy sa probinsiya ng Bohol

## PCC@MMSU AT DSWD

*Initial Phase*
Php2,240,000 pondo para sa pagbili ng 56 *crossbred* na kalabaw na ipamamahagi sa 112 benepisyaryo mula sa Batac City at Solsona, Ilocos Norte

*Second Phase*
Php7.2M para sa pagbili ng 180 kalabaw na ipamamahagi para sa 360 benepisyaryo mula sa Ilocos Sur at Ilocos Norte

## PCC@DMMMSU AT DSWD

Php4M pondo para sa pagbili ng 100 kalabaw

200 benepisyaryo mula sa bayan ng Aringay at Rosario sa La Union; at bayan ng Bayambang at San Carlos City sa Pangasinan

## PCC@LCSF AT DSWD

Php15M pondo para sa pagbili ng kalabaw, pagtatayo ng bahay at pambayad sa itinalagang tagapangalaga ng kalabaw

Mga benepisyaryo mula sa Region 6

# UGNAYANG TUNGO SA... MULA SA PAHINA 9

## PCC@MMSU AT DSWD

Unang nagsimula ang pagtutulungan ng PCC@MMSU at DSWD noong 2017 *(initial phase)* kung saan naglaan ng kabuuang pondo na Php2,240,000 ang DSWD para sa pagbili ng 56 na babaing *crossbreds (75% Murrah blood)* na kalabaw na pwede nang palahian at ibabahagi sa mga benepisyaryo.

Sa kabuuan, mayroon itong 112 piling benepisyaryo na miyembro ng *4Ps*. Sa bilang na ito, 40 ang mula sa Batac City habang 72 naman sa Solsona, Ilocos Norte.

"Sinabi ko kay Roger Jimenez, Project Development Officer noon na nakadestino sa Batac na hindi kasya 'yong Php20,000 na *starter kit* bawa't benepisyaryo para makabili ng pwede nang palahian na *crossbreds*. Kaya gumawa kami ng *budget proposal* at naaprubahan naman," paglalahad ni Grace Marjorie Recta, *center director* ng PCC@MMSU.

Sa Brgy. Sumader, Batac, Ilocos Norte, ang proyekto ay communal. Hindi bababa sa anim na kalabaw ang nasa kulungan na itinayo mismo ng mga benepisyaryo. Para naman sa mga benepisyaryo sa Brgy. Magnuang, Colo at Tabug Batac City at Solsona, Ilocos Norte, may isang kalabaw ang magkasamang inaalagaan ng dalawang benepisyaryo na magkapitbahay o nasa iisang sambahayan.

Sa *first phase*, limang asosasyon ang nabuo kabilang ang Sumader Dairy Raisers SLP, MAGCOTA (Magnuang, Colo at Tabug) Dairy Raisers Association, Naregta SLP, Rimat SLP at Timpuyog SLP.

Nagsagawa ng mga pagsasanay ang PCC@MMSU para sa mga benepisyaryo tulad ng tatlong araw na pagsasanay sa "Carabao Raising and Management leading to Raw Milk Production cum Vermicomposting".

"Ang layunin ng proyekto talaga ay paggagatasan pero habang naghihintay sila na mabuntis, manganak at magbigay ng gatas 'yong mga kalabaw, tinuruan at hinikayat namin sila na mag*vermicompost* para may iba pa silang pagkakitaan," ani Dir. Recta.

Mula sa orihinal na bilang, umabot na sa 62 ang kalabaw na inaalagaan ng mga benepisyaryo sa ilalim ng proyekto.

Dahil sa nakikitang potensiyal ng proyekto sa gatasang kalabaw, nagsalin ng pondong Php7.2 milyon ang DSWD Region 1 sa PCC@MMSU noong 2018. Gagamitin ito pambili ng 180 kalabaw para sa karagdagang 360 benepisyaryo sa ikalawang yugto *(second phase)* ng proyekto.

Tig 20 benepisyaryo ang mula sa mga bayan ng Salcedo, Burgos at Sto Domingo, Ilocos Sur; at 300 benepisyaryo mula sa iba't ibang bayan ng Ilocos Norte kabilang ang City of Batac, Burgos, Marcos, Nueva Era at Pinili, San Nicolas, Solsona at Vintar.

Kasalukuyan pa ring bumibili ng mga kalabaw na ipamamahagi pero sumailalim na sa mga kinakailangang pagsasanay ang mga benepisyaryo para sa proyekto.

## PCC@DMMMSU AT DSWD

Aabot sa 200 benepisyaryo ng 4Ps sa Aringay at Rosario sa La Union, sa Bayambang at San Carlos City sa Pangasinan ang ngayo'y nagkakalabaw na.

Ito'y sa ilalim ng SLP na magkatulong na isinulong ng DSWD Field Office 1 (FO1) at PCC@DMMMSU sa mga nasabing lugar.

Dalawang benepisyaryo ang nagmamay-ari sa isang kalabaw. Apat na milyong piso ang pondong nagmula sa DSWD na ginamit pambili ng 100 kalabaw.

Tumulong ang PCC@DMMMSU sa pagpili ng mga kalabaw na ipinagkaloob. Sinanay din nito ang mga benepisyaryo sa pag-aalaga. Mino-*momonitor* din ng *center* ang pangkalusugang estado ng mga kalabaw.

Ayon kay Vilma Gagni, *Carabao-Based Enterprise Development (CBED) coordinator* ng PCC@DMMMSU, pinuntahan niya ang DSWD-FO1 upang makipag-ugnayan dito hinggil sa SLP. Taong 2017 nang nagsumite ng *proposal* ang PCC@DMMMSU na tinawag na "Skills Training on Dairy Carabao-Based Enterprise and Management Project for Sustainable Livelihood Program Participants in the Provinces of La Union and Pangasinan".

Pagkaraa'y pumasok sa isang Memorandum of Agreement (MOA) ang PCC@DMMMSU at DSWD FO1 na tumagal ng dalawang taon. Layunin sa pagsasanay na mapainam ang *socio-economic capacity* at magbigay kaalaman at abilidad sa pagnenegosyoso o pagsisimula ng *microenterprise* ang mga kasapi sa SLP. Saklaw nito ang mga munisipalidad at barangay sa ikalawang distrito ng La Union at lahat ng distrito ng Pangasinan.

Sa ngayon, bagama't wala pang naggagatas ay patuloy pa rin ang pagmomonitor sa mga kalabaw na naipagkaloob sa mga benepisyaryo ng SLP.

## PCC@LCSF AT DSWD

"Inaasahan na sa tatlo hanggang limang taon mula ngayon ay kakayaning mapataas pa ang produksyon ng gatas mula sa kalabaw at magkaroon ng produksyon ng gatas na aabot sa 500 litro kada araw," ani Eden Tomalon, *CBED coordinator* ng PCC@LCSF ng tanungin hinggil sa kagandahang hatid ng SLP.

Ayon kay Tomalon, posible itong makamit lalo't bukod sa SLP ay may programang "paiwi" din ang PCC kung saan nagpapahiram ng kalabaw ang ahensiya sa mga kuwalipikadong magsasaka.

Batay sa MOA sa pagitan ng PCC@LCSF at DSWD FO XVIII noong 2016, nasa pitong milyong piso ang pondong magmumula sa DSWD. Ito'y inilaan para sa pagbili ng 180 kalabaw, at sa pagsasagawa ng mga inisyatiba sa pagsasanay sa 475 benepisyaryo ng SLP.

Ang MOA ay tinawag na "Development of Pilot Dairy Cluster Model Project in Negros Island Region (NIR)". Subali't hindi nakuha ng *center* ang pondo dahil nawala ang NIR at ibinalik ito sa dating ngalan na Region 6 at Region 7.

Ani Tomalon, nagtutulungan ngayon ang PCC@LCSF at DSWD sa mga isinasagawang inisyatiba sa SLP sa Region 6. Higit sa 15 milyong piso ang pondong inilaan ng DSWD pambili ng mga kalabaw, para sa pagtatayo ng mga bahay ng mga alagang hayop, at pambayad sa mga itinalagang tagapangalaga ng kalabaw. Direktang binibigyan ng pondo ang mga napiling asosasyon o benepisyaryo sa SLP para sa mga nabanggit.

Dagdag niya, taong 2016 nang magsimulang mabigyan ng gatasang kalabaw ang mga benepisyaryo. *Communal* ang naging sistema sa pagmamay-ari ng mga kalabaw. Halimbawa ang siyam na kalabaw ay maaaring alagaan ng 50-150 miyembro ng isang asosasyon o samahan.

Ang PCC@LCSF ang siyang tumulong sa pagpili ng mga kalabaw na bibilhin. Nagsagawa rin ang *center* ng pagsasanay sa pagpoproseso ng gatas, *dairy production and management, simple bookkeeping*, at *entrepreneurial development*. Ang ilan sa mga tagapangalaga ng mga kalabaw ay nagkaroon din ng *hands-on training* mula tatlong linggo hanggang isang buwan sa *farm* ng PCC@ LCSF.

Nagsimulang gumatas ang ilan sa mga nakatanggap ng kalabaw noong 2017 at umabot sa 1,034 na litro ang naitalang nakolekta. Sa sumunod na taon 1,292 litro ng gatas ang nakuha mula sa mga kalabaw na inaalagaan ng Magsaysay Integrated Livelihood for Economic Sufficiency (MILES), Caduha-an Association for Resolute Transformation (CART), Jerusalem Empowered Micro Entrepreneur Livelihood (JEMLA), at Burgos Union for Lucrative Livelihood (BULL).

> **"Dati isang litro lang ng gatas ang nakukuha ng mga benepisyaryo sa isang kalabaw. Unti-unti itong lumaki, ngayon ay nakakakuha na sila ng aabot sa dalawa't kalahating litrong gatas buhat sa once a *day milking* na kanilang ginagawa".**
>
> **EDEN TOMALON**
> *CBED Coordinator, PCC@USF*

Sa ngayon, limang miyembro ng MILES ang naggagatas. Nakakakuha sila kalimitan ng nasa pito hanggang siyam na litrong gatas sa limang kalabaw. Naibebenta nila ang gatas ng Php80 kada litro.

Base sa tala mula sa PCC @LCSF, umabot na sa 1,859 ang benepisyaryo ng kalabaw. Ang mga benepisyaryo ay mula sa Cadiz City, Calatrava, City of Victorias, Hinigaran, La Castellana, EB Magalona, Escalante, at Murcia. Lahat ay pawang nasa Negros Occidental.

# SA PAGGAGATASAN MAY MAGINHAWANG BUHAY

NI **CHARLENE CORPUZ**
LARAWANG KUHA NI **ROWENA BUMANLAG**

**"Sa pagsikat ng araw, 'di ko na iniisip kung saan ako kukuha ng ikabubuhay ng aking pamilya. Pati 'yong baon at pagkain ng aking mga anak sa eskwelahan, at gayundin ang mga gastusin sa bahay. Sagot na ng mga gatasang kalabaw ko ang mga iyon."**

Ito ang buong siglang pahayag ni AndyPoe Garcia, 50, ng Sitio Mapiña, Brgy. San Ildefonso, Magalang, Pampanga, isang magsasakang maituturing na ganap na nagtagumpay sa pagkakalabawan.

Si AndyPoe ay kasapi ng Mapiña Irrigators Association na naitayo noong 2012 at Mapiña Dairy Owners Association noong 2013.

"Dati akong nagsasaka. Pero, dahil sa hirap ng mga gawain gaya ng pag-aararo, pagsusuyod sa bukid na kadalasang di naman malaki ang kita, naisipan ko na maging isang *overseas Filipino worker (OFW)* sa Riyadh, Saudi Arabia," sabi ni AndyPoe. "Pero bumalik din ako sa amin dahil 'di naman ganoon kalakihan ang kita doon," dugtong niya.

Nagsimula siyang mag-alaga ng isang bulo na pamana ng mga yumaong magulang. At dahil nahikayat ng kanyang bayaw na lumahok sa programang pagkakalabawan ng Philippine Carabao Center (PCC), ito ang pinagtuunan niya ng panahon at pansin.

"Pero hindi naging madali ang aking pagsisimula sa pagkakalabawan,"sabi ni AndyPoe. "Umabot nang halos apat na taon bago ko pinakinabangan ang inaalagaan kong bulo," dagdag niya.

Ayon na rin sa kanyang pagsasalaysay, ginamit niyang gabay ang mga natutunan niya sa PCC sa pag-aalaga ng kalabaw. Sa loob-loob niya, darating din ang magandang bukas sa kanya sa pag-aani ng gatas. Ito ang dahilan kaya hindi siya sumuko sa gawaing ito.

"Ito na ang pinakamatatag na hanapbuhay na naranasan ko. At ipinagmamalaki ko ito," ani AndyPoe.

Bagama't hindi naman niya maituturing, aniya, na sila ay mayaman, malaki naman ang kaginahawahang nararanasan ng kanyang pamilya kung ihahambing noon.

### PAGSISIMULA NG MAGANDANG BUKAS


Nang dahil sa 'di niya pagsuko sa pagkakalabawan, sa kasalukuyan, umabot na sa 70 ang mga kalabaw ni Ka Andy, kung saan 40 ang may lahing *Bulgarian* at *Italian Murrah Buffaloes*, samantala, ang 30 naman ay mga *crossbreds*.

Mula sa mga inaalagaang kalabaw, 30 sa mga ito ay ginagatasan niya, katuwang ang dalawa niyang katiwala. Hindi bababa sa 80 litrong gatas ang naaani ko ngayon kada araw,"sab ni AndyPoe.

Tunay na masigasig ang pagganap ni Andy Poe sa gawaing paggagatasan, sapagka't sa kasalukuyan ay wala siyang ginagamit na *milking machine*, gayunpaman ay 'di niya hinahayaan na bumaba ang produksyon ng gatas.

Ibinebenta naman niya ang mga naaaning gatas sa mga *Indian nationals* na *regular* na niyang mga mamimili. Nagsusuplay rin siya sa "Susie's Cuisine", isang *restaurant* sa

**SUNDAN SA PAHINA 18**



SA CEBU:

# MALIWANAG NA TUNGUHIN NG LAMAC KOOP

NI **ROWENA BUMANLAG**
SALIN SA FILIPINO NI **MA. CECILIA IRANG**

**Sino nga ba ang mag-aakala na ang isang kooperatiba ng magsasaka na nagsimula lang sa puhunan na Php3,500 noong 1973 ay lalago ngayon sa isang imperyo ng mga negosyanteng magsasaka na may mga ari-arian na aabot sa kabuuang halaga na Php1.7 bilyon?**

Hindi ito bunsod lang ng swerte. Ito ay dahil sa malalim na pananagutan, integridad, at paghahangad ng mga miyembro na mula sa pagiging salat ay maging sapat ang kanilang pamumuhay kung hindi man maging lubusang masagana. Higit sa lahat, matatag ang paniniwala ng mga miyembro at lider ng kooperatiba na ang pananampalataya nila sa Diyos ang nagdala sa kung nasaan man sila ngayon.

Ang Lamac Multipurpose Cooperative (LMPC), na may punong tanggapan sa barangay Parian, Cebu City, ay nagnanais na mabawasan ang kahirapan ng mga miyembrong nasa mahinang sektor gaya ng mga maliliit na magsasaka, mangingisda, kababaihan, kabataan, matatanda, at may mga kapansanan.

Nagsimulang mapansin ng mga institusyon sa pagpapautang ang LMPC noong mairehistro ito sa Cooperative Development Authority noong Marso 1992. Ang unang nag-alok sa kanila ng pautang na Php1 milyon ay ang Land Bank of the Philippines.

"Noong una, nag-alinlangan kami kung tatanggapin namin 'yong alok kasi naisip namin na baka hindi pa namin kayang bayaran 'yong ganoon kalaking halaga ng utang. Humingi kami ng patnubay sa Diyos sa malaking desisyong 'yon," pagbabalik-tanaw ni Elena Limocon, *general manager* ng LMPC.

Hindi nagtagal ay tinanggap din nila ang hamon dahil, aniya, sa kahit anong negosyo ay kailangan marunong makipagsapalaran.

Sa pamamagitan ng pautang na iyon, nagsimulang yumabong ang LMPC.

Sa kasalukuyan, lumawak na ang mga negosyong pinangangasiwaan ng kooperatiba gaya ng *bakery, water system, distributorship, co-op mart, agro-enterprises*, at *resorts*. Ang pinakabagong nadagdag sa kanilang negosyong may kaugnayan sa agrikultura ay ang kabuhayang salig sa kalabaw.

Nagsimula noong 2015 ang kanilang negosyo sa paggagatas sa pakikipagtulungan ng Philippine Carabao Center sa Ubay Stock Farm (PCC@USF) at pagkakatatag ng isang *Dairy Buffalo Multiplier Farm* sa Pinamungajan, Cebu. Sa parehong taon, nagsagawa ito ng mga lakbay-aral sa *dairy production farms* at mga pagsasanay sa pagdedebelop at pagpoproseso ng mga produktong gatas.

"Pangkalahatan ang paraan namin ng pagtulong sa mga miyembro. Hindi kami basta nagpapautang lang," ani Elena.

Ipinaliwanag niya na inihahanda rin nila ang mga miyembro na magsimula ng kanilang sariling negosyo at tinutulungan nila ang mga ito sa buong proseso ng pagnenegosyo. Mayroon silang *business development*

**SUNDAN SA PAHINA 19**




Mula sa 70 magsasakang miyembro noong nagsimula ang operasyon nito, mayroon na ngayong mahigit 95,000 regular na miyembro ang LMPC, bukod pa sa halos 13,000 kabataang miyembro nito.

*SA ZAMBOANGA DEL NORTE*

# MAY GATAS NA SA SINDANGAN

NI **CHARLENE JOANINO**

**Mga malalawak na kabukirang napaliligiran ng masaganang bulubundukin ang tatambad sa iyo sa pagbisita sa bayan ng Sindangan sa Zamboanga del Norte. Bukod sa nakasanayan ng mga residente dito na tradisyunal na paggamit sa kalabaw sa pag-aararo sa bukid, ngayo'y ginagatasan na din ito ng mga taga-Sindangan.**

Ayon kay Fe Emelda Academia, *Carabao-Based Enterprise Development (CBED) coordinator* ng Philippine Carabao Center sa Mindanao Livestock Production Complex (PCC@MLPC), tinipon nila ang ilan sa mga magsasaka noong 2015 at mula dito ay nabuo ang Sindangan Crossbred Buffalo Raisers Association na itinuturing na ngayon na pinakaprogresibong asosasyon ng mga nagkakalabaw sa nasabing bayan.

Ang asosasyon ay binubuo ng higit 30 miyembrong lahat ay may sariling kalabaw. Mayroon silang *kitchen-type* na *processing center* na pinagtulungang itayo ng mga miyembro. Binigyan sila ng PCC ng mga kagamitan sa pagproseso tulad ng *milk cans* at nagbigay din ang LGU-Sindangan ng isang *freezer.*

Nagproproseso ang asosasyon ng *chocomilk, pasteurized milk,* at *flavored milk.* Ibinebenta nila ang 100 ml na gatas sa halagang Php7 kung wholesale o maramihan ang bibilhin. Kabilang din sila sa mga taga-*supply* ng 200 ml na gatas sa mga *milk supplementation programs* na isinasagawa ng Department of Social Welfare and Development (DSWD)-Sindangan.

### GANANSIYANG HATID NG GATAS SA MGA MAGSASAKA

Unang naranasang maggatas ng ilan sa mga miyembro ng asosasyon noong 2017. Buhat noon ay nagsimulang makita ng mga miyembro ang kagandahan ng pagkakaroon ng gatasang kalabaw lalo't kumikita na ang ilan mula sa pagbebenta ng gatas.

Alaala ni Allan Ton-ogan, presidente ng asosasyon, dati ay ibinebenta lamang niya ang mga *crossbred.* Mas malaki aniya ang kita niya dito dahil mas malaki ito kumpara sa *native* na kalabaw. Hindi niya inaasahan na ang pagkakataon na makadaupang palad ang mga taga PCC@MLPC ang siyang magiging daan upang sumuong siya sa paggagatas ng kalabaw.

"Noong una, nag-dadalawang isip ako na sumuong sa paggagatas pero noong naranasan ko, talagang pinagtiyagaan ko kahit alas-*kwatro* ng umaga dahil araw-araw may kita," ani Ton-ogan.

Dalawang kalabaw ngayon ang ginagatasan niya. Sa isang *crossbred* ay nakakukuha si Ton-ogan ng aabot sa tatlong litro na binibili sa halagang Php60 kada litro. Kinokolekta ito ng nakatalagang tagakuha ng gatas ng asosasyon at dinadala sa kanilang *processing center.*

Samantala, ang misis naman ni Ton-ogan na si Violeta ay gumagawa naman ng produktong may gatas gaya ng *Milk-O-Jel* na kanilang ipinagbibili.

May pitong kalabaw na si Ton-ogan. Lima ang pahiram mula sa PCC. Bukod sa gatasang kalabaw ay nakakuha na din si Ton-ogan ng bulugan sa ilalim ng *Bull Loan Program* ng PCC. Tatlong beses na siyang nakadalo sa taunang *National Carabao Conference* ng PCC na ginaganap sa iba't ibang lugar sa Pilipinas at nakapunta na din sa Nueva Ecija kung saan siya natuto pang lalo sa kabuhayang salig sa kalabaw.

"Matibay ang samahan ng asosasyon at ng PCC. Kung wala sila, wala din kami. Sila 'yong gumabay sa amin upang matuto kami sa kabuhayang ito," pagsasaad ni Ton-ogan.

Para naman kay Lito Mendoza Jr., bise presidente ng asosasyon, "krisis" kung kanyang ilarawan ang kanilang buhay mag-anak noong hindi pa siya kumikita sa paggagatas. Kung kaya't itinuturing niyang malaking tulong ang gatasan lalo't di na nahihirapan ang kanyang pamilya sa pang-araw-araw na pangangailangan.

Kumikita si Mendoza ng Php5,500 kada buwan sa tatlong *crossbred* na kanyang kinukuhanan ng gatas tuwing umaga. Kung kinakailangan ay hinahalinhinan siya ng labing-isang taong gulang niyang anak na lalaki sa pagkuha ng gatas.

Kumikita rin siya sa pagbebenta ng anak ng kalabaw niya na ani Mendoza ay maari niyang maibenta ng kulang sa Php20,000.

"Naniniwala akong dadami pa ang gatas na makukuha ko pagdating ng araw at uunlad ako sa kabuhayang ito," kanyang ibinahagi.

Sa kabilang banda, kung si Francisco Mandate, ang tatanungin, adisyunal na mapagkakakitaan naman ang hatid ng gatas ng kalabaw sa tulad niyang magsasaka ng palay.

"Ang maganda sa paggagatas, sa panahong hindi pa ako umaani, mayroon pa rin akong mapagkukunan ng kita. Di ko din kailangan gumastos ng malaki sa pag-aalaga ng kalabaw kumpara kung magtatanim ka na kailangan pang bumili ng abono at iba pang gamit sa pagsasaka," ani Mandate.

Naranasan niya na kumuha ng limang litro sa isa niyang kalabaw na naipagbili

**SUNDAN SA PAHINA 18**







# 'ARTSCREAM'

## TAMPOK ANG GATAS NG KALABAW

NI **KHRIZIE EVERT M. PADRE**
LARAWANG KUHA NI **CHARLENE JOANINO**

**Patok na patok sa panlasa ng Pinoy ang gatas ng kalabaw dahil sa natatangi nitong sarap at linamnam. Ito ang dahilan kung bakit mas pinipili itong sangkap ng mga gumagawa ng pampalamig tulad ng *ice cream* at ice *candy treats.***



**"Mga tatlo o apat na taon na ang nakalilipas, nakaramdam ako ng pagnanais na tulungan ang mga mahihirap sa ating bansa. Ang mga mahihirap na ito ay karaniwang nasa sektor ng agrikultura at ang alam ko na paraan upang maiangat sila sa kanilang kalagayan ay ang matulungan na maitaas ang kanilang kinikita".**

**HARVEY KEH**
*Entrepreneur,* Audrey's Dairy

Ayon sa mga pag-aaral na isinagawa ng Philippine Carabao Center (PCC), ang gatas ng kalabaw ay itinuturing na pinakakumpletong pagkain dahil sa taglay nitong benepisyo sa kalusugan tulad ng pagkakaroon ng mataas na *calcium*, protina at mababang *cholesterol* kumpara sa ibang gatas. Ito rin ang dahilan kung bakit kabilang ang gatas ng kalabaw sa gatas na ipinapainom sa ilalim ng *milk feeding program* ng ating bansa.

Bukod sa benepisyong taglay, ang paggamit ng gatas ng kalabaw ay nakatutulong ng malaki sa pagpapaulad ng kabuhayan ng mga magsasaka-maggagatas at ng kaugnay na industriya sa kabuuan.



Ito ang mga naging dahilan kung bakit ninais ni Harvey Keh, isang negosyante, na maitatag ang Audrey's Dairy.

**PAGSISIMULA**

Itinatag noong Oktubre 2018, ang pangunahing layunin ng Audrey's Dairy ay makatulong sa mga magsasaka na kabilang sa programa sa pagkakalabaw sa pamamagitan ng paggawa ng de-klaseng produkto na mula sa gatas ng kalabaw.

Matatagpuan sa Agriculture and Food Technology Business Incubator o AFTBI ng Central Luzon State University (CLSU) sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija, ang pangunahin nitong produkto ay *ice cream, ice candy treats* o mas kilala sa tawag nilang "Nutri Icebar" at ang tampok nilang produkto ngayon na "Artscream".

"Kapag maganda ang kita ng magsasaka, gaganda rin ang kanilang buhay, mapag-aaral nila ang kanilang mga anak at mabibigyan ito ng magandang kinabukasan. Naisip ko na kung bibilin ko ang mga ani nilang gatas ay makatutulong akong magawa nila ito," dagdag niya.

Sinimulan niya ang planong ito nang personal siyang dumalaw sa ahensya ng PCC. Noon niya napag-alaman ang mga programang salig sa pagkakalabawan at kaagad ay napagpasyahang simulan ang isang negosyo gamit ang gatas ng kalabaw.

"Pinangalanan ko ang aming negosyo sa tatlong taong gulang kong anak na si Audrey. Tulad ng kagustuhan namin na maibigay ang pinakamabuti para sa aming anak, gusto rin naming makapagbigay ng pinakamahusay na produkto sa aming mga mamimili," ani Keh.

Hindi na bago sa larangan ng pagnenegosyo si Keh dahil bukod sa Audrey's Dairy ay may negosyo rin ang kaniyang pamilya na *plastic manufacturing* sa Maynila. Aktibo rin siyang tumutulong sa mga kababayang mahihirap sa pamamagitan ng dalawang *non-profit organization* na kanyang pinamamahalaan.

Sa tulong ng PCC ay nagsanay ang kanyang mga tauhan na pawang mga *food technologists* sa paggawa ng *ice cream*. Bukod dito ay tinuruan din sila ng tamang pamamahala at pag-iimbak ng gatas.

"Kailangan maingat sa paghawak ng pagkain lalo na sa pagmimintina ng kalinisan sa paggawa nito. May sapat ka dapat na kaalaman at hindi ka basta-basta maglalabas ng produkto nang hindi inaalala ang kapakanan ng mamimili mo," saad ni Hazel Alfon, *manager* ng Audrey's Dairy.

Ang kanilang suplay ng gatas ay direkta nilang kinukuha sa mga maggagatas na mula sa Palayan City, Nueva Ecija, kay Johnny Dumale ng Licaong Dairy Cooperative, at mula sa PCC.

Ayon kay Alfon, ang gatas ng kalabaw ay mainam na gamitin bilang *base ingredient* sa paggawa ng kanilang produktong *ice cream* dahil sa linamnam at natural nitong tamis.

"Ang produkto namin ay gawa sa purong gatas ng kalabaw. Bukod dito ay gumagamit din kami ng mga natural na pampalasang sangkap. Nguni't ang pinakamaganda sa lahat, sa bawa't produkto na mabibili sa amin ay nakatutulong kami sa pag-unlad ng kabuhayan ng ating mga magsasaka-maggagatas," dagdag ni Alfon.

Kabilang sa mga *flavors* na mapagpipilian ng kanilang mamimili ay *strawberry, mango, chocolate, pastillas, champorado at vanilla flavor,* na pinakamabili sa lahat.

Patuloy rin ang kanilang *innovation* sa kanilang mga ginagawang produkto. Kabilang na nga rito ay ang kanilang sumisikat ngayon na "Artscream". Ang "Artscream" ay isang *specialized ice cream product* na kung saan ang kostumer ay pwedeng magpagawa ng iba't ibang disenyo tulad ng *animal* at *flower designs* para sa mga espesyal na okasyon gamit ang *fondant* at *butter cream* na mula sa gatas ng kalabaw.

"Hindi ka dapat matakot na gumawa ng bago sa mga produkto mo. Kailangan marunong kang sumabay sa uso at gusto ng mga tao. Mas mainam kung kakaiba sa lahat ang maiisip mo,"ani Alfon.

"Naniniwala kami na kahit gaano pa karaming *market study* ang gawin mo kung hindi mo naman ito sinubok mismo sa merkado hindi ito tatangkilikin sa paraang gusto mo. Kaya dapat huwag kang matakot na mag-*innovate* at magkamali kasi sa pagkakamali ka matututo," dagdag pa niya.

"Masaya kami kasi umaasa kami na ngayong taon habang nadaragdagan ang aming produkto ay dumarami na rin ang mga pwesto na binabagsakan namin nito," aniya pa.

Bukod sa kanilang "Artscream" ay nag-*develop* din sila ng *ice candy treats* o mas kilala sa tawag na "Nutri Icebar". Ginawa ito para sa mga bata dahil sa taglay nitong sustansya na makatutulong sa pagpapalakas ng *immune system* at sangkap na pampatalino.

Ang pangunahing *flavor* ng "Nutri Icebar" ay *champorado* na gawa sa 100% *germinated unpolished black rice*, gatas ng kalabaw, asukal at *tablea* na hinahango pa nila mula sa *agrarian reform communities* sa Davao. Kabilang rin sa ibang *flavors* nito ay *tablea, salted caramel* at mga *seasonal flavors* tulad ng *mango* at *strawberry.* Ito ay mabibili sa halagang Php10 kada piraso.

Ang mga produkto ng Audrey's Dairy ay matatagpuan sa AFTBI, at mga *cafeteria* ng College of Veterinary Science and Medicine ng CLSU at Philrice. Bukas ang Audrey's Dairy sa pagbibigay ng oportunidad sa mga nagnanais maging *distributor* ng kanilang produkto. Ⓚ

## SA PAGGAGATASAN... MULA SA PAHINA 10

Pampanga.

Paliwanag niya, sa mga aning gatas pa lamang ay may tiyak nang kita sa pagkakalabaw. Dagdag pa rito, ang paminsan-minsang pagbebenta ng bulo na lalaki na karaniwang nagkakahalaga ng Php18,000 ang *junior bull* na nasa 12-18 buwan ang edad.

"Bilang isang negosyante, sinisiguro ko na mailalaan ko pa rin ang ilang bahagi ng aking kita mula sa gatas sa pagpaparami ng aking mga kalabaw. Kaya naman, kung may pagkakataon ay namimili rin ako ng gatasan mula sa mga kapwa ko magkakalabaw at magsasaka na kusang nag-aalok sa akin sapagka't batid ko ang magandang produksyon nito sa gatas," paliwanag niya.

Nang dahil sa gatasang kalabaw, hindi pa man, aniya, nagsisimula ang pagsikat ng araw ay nakapagbebenta na siya ng aning gatas. Malaking kainaman kapalit ng pagod sa pag-aalaga at pagkuha ng pakaing damo na halos nakukuha naman sa kalapit na lugar.

Ang mga sariwang damo gaya ng *napier* ang karaniwan niyang ibinibigay sa mga kalabaw. Kung kulangin man sa pakain, binibigyan din niya ang mga ito ng "bagaso" (*spent grain* na mula sa pinigang *barley* sa paggawa ng serbesa) na binibili naman sa halagang Php5 kada kilo. Sa kanyang karanasan, gusto rin ito ng kanyang mga gatasang kalabaw at nakapagbibigay rin ng magandang ani ng gatas.

### BENEPISYONG PAGKAKALABAW

Buhat sa pag-aalaga ng mga gatasang kalabaw, nakapagpatapos na siya ng dalawa niyang anak sa kolehiyo sa kursong parehong nakahanay sa agrikultura. Ito, aniya, ang nais niya hangga't maaari dahil ang kanilang ikinabubuhay ay nang dahil sa agrikultura.

Dagdag pa sa pagpapa-aral ng mga anak, nakapagpundar din siya ng mga sasakyan, at ilang gamit sa bahay.

"Kung ang negosyong paggagatasan o pagkakalabawan ay nanaisin ninyong pasukin, kailangan totoo sa inyong puso. Mahalin din natin ang ating mga kalabaw na parang isang dalagang sinusuyo, at sa tiyak na paggabay ng Panginoon, ang inyong kalabaw ay mapaparami at 'di kayo magsisisi," buong galak niyang pahayag.

Ang mga pahayag na ito ni Ka Andy ay buhat sa mga karanasan na kaniya nang pinagdaanan sa gawaing pagkakalabawan kung saan bigkas niya, "Subok ko na ang gatasang kalabaw, ito ay maganda at maaasahang hanapbuhay sa ating mga magsasaka." K

## MAY GATAS... MULA SA PAHINA 15

ng Php60 kada litro sa asosasyon. May opsyon ang mga miyembrong tulad niyang kunin ang kita tuwing Ika-15 o katapusan ng bawa't buwan mula sa asosasyon. Kung kaya't nakapagtatabi ng pera ang maggagatas na kalaban ni Mandate na magagamit sa oras ng pangangailangan.

### ANG ASOSASYON, PCC AT LGU-SINDANGAN

Bago pa man nagsimulang maggatas ang ilan sa mga miyembro ng asosasyon ay marami nang kalabaw sa Sindangan. Buhat noong 2015, may mataas nang *calf drop* (bilang ng ipinanganak na bulo) ang bayan. Sa isang taon, karaniwang 20-30 na kalabaw ang naipapanganak at wala pa dito ang mga hindi naitala na mga kalabaw.

Ayon kay CBED Coordinator Academia, base sa imbentaryo na isinagawa noong 2017 ay aabot sa 2,055 na kalabaw ang mayroon sa 41 barangay ng Sindangan.

"Madami nang kalabaw kaya hinikayat natin ang mga may-ari nito na pataasin ang lahi ng kanilang kalabaw at gatasan ang mga ito. Nagbigay tayo ng mga pagsasanay at kaalaman dito," dagdag niya.

Isa ang bayan ng Sindangan sa mga munisipalidad na pinanggalingan ng mga representante na dumalo sa 1st Regional Forum on Carabao Development "Emphasis on: 1) Carabao Upgrading through A.I/Bull Loan 2) Carabao Based Enterprises Development" na isinagawa ng PCC@ MLPC. Ito ay ginanap sa Dipolog City noong Ika-19 at Ika-20 ng Nobyembre noong isang taon. Nilayon dito na tipunin ang mga katulong o kasama ng PCC sa pagpapalakas ng inisyatiba sa pagpapaangat ng lahi ng mga kalabaw at pagsusulong ng CBED.

Base sa datos noong isang taon, nakatanggap na ang Sindangan Crossbred Buffalo Raisers Association ng 19 na babaing kalabaw.

Nang magpatupad and DSWD-Sindangan ng mga *milk supplementation programs* mula Hunyo 2018 hanggang Marso 2019, isa ang asosasyon sa kinuhanan ng gatas na pinainom sa mga batang benepisyaryo.

Sa kada 40 litro ng gatas na nakokolekta ng asosasyon, nakakakuha ng 125 na piraso ng 200 ml gatas. Tumulong din ang PCC@MLPC sa pagkamit ng kinailangang gatas ng DSWD-Sindangan na 41,145 pakete ng gatas para sa prinobisyunang 1,172 bata mula sa 35 na *daycare centers* sa Sindangan sa loob ng tig-120 araw.

"Sa halip na *noodles* o iba pang pakain sa bata ay nagdesisyon ang DSWD ng Sindangan na gumamit na lamang ng gatas ng kalabaw sa mga programa nito," saad ni Delecia Crieta, *Agricultural Technologist* ng LGU-Sindangan na nakikipagtulungan sa PCC@MLPC sa mga inisyatibang isinasagawa nito sa Sindangan.

Tumutulong din ang LGU- Sindangan kasama ng PCC@MLPC sa pagmimintina ng kalusugan ng mga hayop gayundin sa pagpaparami nito. Ang LGU ay nagbibigay ng bitamina at mayroon ding *schedule* ng libreng *AI* ng kalabaw sa lahat ng mga barangay ng Sindangan. May *on-call* na mga *AI technicians* na nagtratrabaho maging tuwing Sabado at Linggo kung kinakailangan.

Sa ngayon, patuloy pa rin ang pagsasagawa ng mga inisyatiba upang mas lalo pang mapalawig ang industriya ng gatasan at pagkakalabaw sa Sindangan. K






## MALIWANAG... MULA SA PAHINA 12

center na namamahala sa lahat ng may kinalaman sa *agro-enterprise*.

Nagsimulang magbenta ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw ang LMPC nang magbukas ang una nitong pasalubong *center* noong 2016 sa Poblacion, Pinamungajan sa pakikipagtulungan ng lokal na pamahalaan at Department of Trade and Industry (DTI). Isa pang nagbigay ng oportunidad para maipagbili ang kanilang mga produkto ay ang pagkakatatag ng Dairy Box noong 2017 sa Parian, Cebu City.

Sa parehong taon din nang makipagtulungan ang LMPC sa PCC at Cebu Technological University sa pagsasagawa ng *buffalo's milk feeding program* para sa mga bata at matatanda.

Noong 2018, nakita ng LMPC na ang pagsisikap nito na mapaigting ang industriya ng paggagatas ay nagbubunga na sa bayan ng Pinamungajan kung saan aktibong sumali sa programa ang Punod, isa sa mga barangay ng bayang ito.

Ilang mga aktibidad na may kaugnayan sa pagsusulong ng programa sa lugar ang sinimulan kabilang rito ang mga pagsasanay para sa pagpapahusay ng kakayahan, pagpapaiwi ng mga gatasang kalabaw sa mga magsasaka, pagpapatayo ng multi-milyong halagang *dairy processing plant*, pagdedeklara sa barangay Punod bilang "Dairy Capital of the Municipality of Pinamungajan", at ang pagpapakita ng buong-suporta ng LGU sa programa.

Nakaplano sa limang taong "Dairy Production Development Plan" ng LMPC na sa susunod na tatlong taon ay nakikinita nito na makapagpapaiwi ito ng 120 kalabaw sa mga magsasaka sa Punod at mga karatig na barangay at makapagpoprodyus ng 180,675 litro ng gatas para sa posibleng pagpapalawak ng *milk feeding program* nito at para sa pagpoproseso ng iba't ibang mga produktong gatas. Sa 2020, inaasahan din nilang makapagbubukas sila ng limang Dairy *Box outlets* kung saan ibebenta ang mga produkto ng kooperatiba.

Ayon kay Guillerma Abay-abay, *development officer* at *Carabao-based Enterprise Development (CBED) coordinator* ng PCC@USF, sa pakikipagtulungan nila sa LMPC ay napatunayan nilang mahalaga ang ibayong kahandaan at ganap na dedikasyon para matiyak ang tagumpay ng programang CBED.

"Buo ang desisyon ng mga namamahala sa LMPC na palaguin ang paggagatasan sa Pinamungajan at kalauna'y sa 42 na sangay nito sa buong Visayas," ani Guillerma.

"Nais ipakita ng kooperatiba na totoong may pera sa kanayunan kaya naman hindi na kailangan ng mga tao, lalo na 'yong mga nakatuon na sa pagsasaka, na pabayaan ang kanilang mga sakahan para lang makipagsapalaran sa siyudad," dagdag niya.

Kung gayon, paanong nananatiling matatag ang isang kooperatibang katulad ng LMPC samantalang marami nang kooperatiba ang kusang natitibag?

Ganito naman ang nakapupukaw na tugon ni *General Manager* Elena: "Sa tuwing ino-*orient* namin 'yong mga bagong miyembro, inilalahad namin ang buong kwento sa likod ng aming kooperatiba, kung gaano kami kaliit nagsimula at kung paano namin napagtagumpayan ang mga naging pagsubok para marating kung nasaan man kami ngayon. Pagkatapos ay ipinaiintindi namin sa kanila ang gampanin nila at kung bakit itinadhana ng Diyos na maging magsasaka sila at hindi ibang propesyon."

Ang ganitong paraan ng pagtuturo sa pangangasiwa ay tila positibong tumimo sa mga magsasakang miyembro ng kooperatiba ayon sa ipinakita nilang dedikasyon sa pagtataguyod ng LMPC at pagpupursigi na magtagumpay din sa kani-kanilang mga gawain. K

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

# PCC NETWORK

**PCC at Mariano Marcos State University**
Batac City, Ilocos Norte
Telephone No.: (+63) (077) 792.3187
Mobile No.: (+63) 927.965.5724
Email: pccmmsu@gmail.com

**PCC at Cagayan State University**
Tuguegarao City, Cagayan
Mobile No.:(+63) 916.101.1561 | (+63) 917.552.0259
Email: pccpiat07@yahoo.com

**PCC at Don Mariano Marcos Memorial State University**
Rosario, La Union
Telephone No.: (+63) (072) 712.0118
Mobile No.: (+63) 908.864.9975
(+63) 930.782.6038
Email: pccdmmmsu95@yahoo.com

**PCC at Central Luzon State University**
Science City of Muñoz, Nueva Ecija
Telephone No.: (+63) (044) 456.5238 to 39
Mobile No.: (+63) 917.867.5763
Email: pccclsu@gmail.com

**PCC at University of the Philippines at Los Baños**
Los Baños, Laguna
Telephone No.: (+63) (049) 536.2729
(+63) (049) 534.2009
Mobile No.: (+63) 908.811.2841
Email: pccuplb@gmail.com

**PCC at Visayas State University**
Baybay City, Leyte
Telephone No.: (+63)(053) 563.7649
Mobile No.: (+63) 998.544.5219
Email: pccvsu@gmail.com

**PCC at West Visayas State University**
Calinog, Iloilo
Mobile No.: (+63) 999.991.6115
(+63) 928.945.7760
Email: pccwvsu@yahoo.com

**PCC at La Carlota Stock Farm**
La Granja, La Carlota City, Negros Occidental
Mobile No.: (+63) 947.893.4794
(+63) 921.542.4379
Email: pcclcsf@yahoo.com

**PCC at Ubay Stock Farm**
Ubay, Bohol
Telephone No.: (+63) (038) 518.5598
Mobile No.: (+63) 919.962.0560
Email: pccusf.ubay@yahoo.com

**PCC at Mindanao Livestock Production Complex**
Kalawit, Zamboanga del Norte
Mobile No.: (+63) 910.179.5905
(+63) 908.812.8632
Email: pcc_mlpc09@yahoo.com

**PCC at Central Mindanao University**
Maramag, Bukidnon
Mobile No.: (+63) 939.916.9719
Email: pccmusuan@yahoo.com

**PCC at University of Southern Mindanao**
Kabacan, North Cotabato
Telefax No.: (+63) (064) 572.2250
Mobile No.: (+63) 919.397.0872
(+63) 920.621.9722
Email: usm_pcc@yahoo.com

**PCC National Headquarters and Gene Pool**
Science City of Muñoz, Nueva Ecija
Telephone No.: (+63) (044) 456.0731 to 34 | (+63) (044) 456.0730
Email: pcc-oed@mozcom.com

**PCC Manila Liaison Office**
5th floor, DCIEC Bldg. NIA Complex, EDSA, Diliman Quezon City
Telefax: (+63) (02) 921.3863 | Email: pcc-mlo@mozcom.com